# Paano kumumpleto ng FIT kit?



## PAANO AKO MAKAKAKUHA NG FIT KIT?

Puwede mong kunin ang iyong fecal immunochemical test (FIT) kit sa tanggapan ng iyong doktor.



## ANO ANG FIT?

Ang FIT ay isang paraan ng screening para sa cancer sa colon. Isa itong self–administered na pagsusuri na idinisenyo para tukuyin kung may dugo ng tao sa dumi ng tao na hindi nakikita ng mata. Puwede mong gawin ang pagsusuring ito sa bahay gamit ang mga materyales na nasa kit. Tutulong sa iyo ang mga tagubilin na kumuha ng kaunting sample ng dumi at ilagay ang sample sa isang protektadong lalagyan. Pagkatapos ay ilalagay mo ang lalagyan sa isang mailer (sobre) para ipadala sa Klinikal na Laboratoryo para sa pagpoproseso. Kung hindi normal (o “positibo”) ang resulta ng FIT, puwedeng may dugo sa iyong dumi at dapat magsagawa ng colonoscopy para matukoy ang pinagmumulan ng pagkawala ng dugo.

- Dapat kang gumamit ng FIT kit nang isang beses bawat taon para epektibong makapagsuri para sa cancer sa colon.
- Sa tuwing hindi normal (positibo) ang resulta ng FIT, kakailanganin mong magsagawa ng colonoscopy.




**HAKBANG 1.** Punan ang impormasyon sa bote para sa sample.




Isulat ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at ang kasalukuyang petsa at oras sa bote para sa sample.

**HAKBANG 2.** Ipatong ang collection paper sa ibabaw ng tubig sa iyong inidoro.



**HAKBANG 3.** Maglagay ng sample ng dumi sa ibabaw ng collection paper.



**HAKBANG 4.** Buksan ang bote para sa sample.



**HAKBANG 5.** Gamitin ang probe para kumuha sa ibabaw ng dumi dumi bago dumikit ang dumi sa ubig.



Ganap na takpan ang grooved na bahagi ng probe para sa sample gamit ang dumi.

**HAKBANG 6.** Ibalik ang probe nang may sample ng dumi sa bote para sa sample at isara ito. Huwag itong buksan ulit.



Biodegradable at puwedeng i-flush ang collection paper.

**HAKBANG 7.** Ibalot ang bote para sa sample sa maliit na absorbent pad at ilagay ito sa biohazard bag.



**HAKBANG 8.** I-seal ang biohazard bag at ilagay ito sa mailer na sobre para sa pagbalik.



Perishable ang sample ng dumi. Ipadala ang kit sa lalong madaling panahon sa loob ng 48 oras.

**MAHALAGA** **Ipadala ang nakumpletong kit sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa iyong klinika sa loob ng 48 oras pagkatapos makolekta ang sample ng iyong dumi. Perisable ang sample ng dumi.**

**KAILANGAN NG TULONG?** **Makipag-ugnayan sa iyong doktor sa pangunahing pangangalaga.**